Public Works
LOS ANGELES COUNTY

PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA INISYATIBA SA IMPRASTAKTURA

Binabagong-anyo kung paano namin pinaglilingkuran ang County ng Los Angeles

Ang Pagkakapantay-pantay sa Inisyatiba sa Imprastaktura ng Pampublikong Gawain (Public Works) ay nilikha upang tukuyin at tugunan ang mga pagkakaiba sa buong County sa pagpaplano, paghahatid, pamamahagi ng mga pamumuhunan at serbisyo nito. Ginagabayan ng pagsusuri sa patakaran, analisis ng pamumuhunan at pakikipag-ugnayan sa komunidad, ang Pampublikong Gawain ay pinangungunahan ang tungkulin para tugunan ang mga pangangailangan ng mga komunidad na may makasaysayang kahirapan, upang mas mahusay na magplano, maghatid, at mamahagi ng mga serbisyo.

Ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng Los Angeles ay binigyang-prayoridad ang isang pangako na pantay-pantay na paglingkuran ang mga komunidad kung saan ay may nakatuon at naipong kahirapan upang isara ang puwang sa access ng lahi. Ang layunin ng Pampublikong Gawain ay ang magtatag at pabilisin ang adyenda kontra-rasista. Ang mga natuklasan mula sa Inisyatiba ay ipagbibigay-alam ang mga patakarang nakasentro sa pagkakapantay-pantay na mas mahusay na bibigyang-prayoridad at aakapin ang mga tinig ng ating mga komunidad at hahantong sa mga positibong kalalabasan para sa lahat ng mga residente ng County at mga panghinaharap na henerasyon.

ANG MARAMIHANG-YUGTO NA INISYATIBA AY GUMAGAMIT NG ILANG TAKTIKA KABILANG ANG:

Analisis sa pamumuhunan upang tukuyin ang mga pagkakaiba sa pamamahagi ng kamakailan at planado na minsanang ginawa na mga pamumuhunan sa proyektong imprastraktura sa loob ng mga kasalukuyang lugar na binibigyang-serbisyo ng PW

Analisis sa pagganap upang tukuyin ang mga pagkakaiba sa kalidad ng kondisyon at serbisyo ng imprastraktura na kasalukuyang ibinibigay sa loob ng mga lugar na binibigyang-serbisyo ng PW na may pokus sa mga lugar na hindi gaanong napaglilingkuran

Analisis sa kahirapan upang tukuyin ang mga pagkakaiba sa distribusyon ng mga negatibong epekto sa mga komunidad ng kulay (lahi) sa loob ng mga lugar na binibigyang-serbisyo ng PW

Pagsusuri sa patakaran upang tukuyin ang mga umiiral na patakaran, pamamaraan, o gawi na lumilikha at nagpapanatili ng mga sistematikong hadlang sa pagkamit ng mga pantay-pantay na kalalabasan

Public Works
LOS ANGELES COUNTY

FACT SHEET NG AHENSYA

Ang Pampublikong Gawain (Public Works) ng County ng Los Angeles ay isa sa mga pinakamalaking munisipal na ahensya ng pampublikong gawain sa Estados Unidos, nagbibigay ng napakahalagang ika-21 Siglo na imprastraktura at mga kinakailangang serbisyo sa higit sa 10 milyong katao sa buong 4,000 milya-kuwadrado ng lugar ng serbisyo sa rehiyon.

Ang ahensya ay kasama sa 51 mga kagawaran at ahensya ng County na sama-samang nagtutulungan sa buong pampubliko, pribado at nonprofit na sektor upang pabutihin ang kalidad ng buhay para sa mga tao at komunidad ng LA County.

Sa pagkakaroon ng bisyon na maging ang pinaka-pinagkakatiwalaang pampublikong ahensya sa rehiyon, ang Pampublikong Gawain ay tinukoy ng kanyang pagiging mapagtugon sa publiko, kahusayan sa serbisyong pangkustomer, at adhikaing bumuo ng positibong relasyon sa komunidad. Ang aming mga manggagawa ay nagmamalaki sa pagiging mapagtuon na mga pampublikong tagapaglingkod na nagbibigay ng mga kinakailangan at kritikal na serbisyo para sa lahat ng mga residente at negosyo sa LA County.

PITONG PANGUNAHING LUGAR NG SERBISYO AT LUGAR NG PANGSUPORTANG SERBISYO

- **Mapagkukunan ng Tubig**
- **Transportasyon**
- **Serbisyong Pangkapaligiran**
- **Pamamahala ng Konstruksyon**
- **Serbisyong Munisipal**
- **Pampublikong Pangongontrata at Pamamahala ng Asset**
- **Serbisyong Administratibo**

Ang taunang badyet nito na higit $3.6 bilyon ay pinondohan ng mga kinokontrol na kita, tulad ng buwis sa gas, pagtatasa ng benepisyo, benta sa tubig at pagdadaluyan, mga bayarin ng gumagamit, at iba pang mga kita. Pinangangasiwaan din ng ahensya ang napapanatiling tubig, transportasyon, at imprastraktura sa pamamahala ng basura, kabilang ang higit sa 130 aktibong kapital na proyekto na may halaga ng konstruksyon na higit $3.3 bilyon. Estratehikong nakapokus ang Pampublikong Gawain sa pagsusulong sa pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng mga makabagong estratehiya at magiliw sa negosyo na mga oportunidad sa pangongontrata upang mapaglingkuran ang maliit na negosyo ng County at mga layunin sa pagkuha ng lokal na manggagawa.

Sa Piskal na Taong 2020-21, iginawad ng Pampublikong Gawain ang higit sa $1 bilyong halaga ng mga kontrata, na tumulong lumikha ng 12,394 na trabaho. Ang magkakaibang manggagawa ng ahensya ay bumubuo sa humigit-kumulang 4,000 empleyado sa halos 5,000 klasipikasyon ng trabaho, kabilang ang propesyonal, teknikal, klerikal, at may kasanayang sining.

[1] *Pinagkunan: https://lacounty.gov/government/departments-commissions-and-agencies/los-angeles-county-departments/*